

Tayo'y humingi ng Karunungan sa Diyos

"1 At si Salomon na anak ni David ay tumibay sa kaniyang kaharian, at ang Panginoon niyang Dios ay sumakaniya, at pinadakila siyang mainam. 2 At si Salomon ay nagsalita sa buong Israel, sa mga pinunong kawal ng lilibuhin at dadaanin, at sa mga hukom, at sa bawa't prinsipeng sa buong Israel, na mga pangulo ng mga sangbahayan ng mga magulang. 3 Sa gayo'y si Salomon, at ang buong kapisanan na kasama niya, ay naparoon sa mataas na dako na nasa Gabaon; sapagka't nandoon ang tabernakulo ng kapisanan ng Dios, na ginawa sa ilang ni Moises na lingkod ng Panginoon. 4 Nguni't ang kaban ng Dios ay iniahon ni David mula sa Chiriath-jeirim hanggang sa dakong pinaghandaan ni David: sapagka't kaniyang ipinagtayo ng tolda sa Jerusalem. 5 Bukod dito'y ang dambanang tanso na ginawa ni Bezaleel na anak ni Uri, na anak ni Hur, ay nandoon sa harap ng tabernakulo ng Panginoon: at doo'y sumangguni si Salomon at ang buong kapisanan. 6 At si Salomon ay sumamparoon sa dambanang tanso sa harap ng Panginoon, na nasa tabernakulo ng kapisanan, at naghandog ng isang libong handog na susunugin doon. 7 Nang gabing yaon ay napakita ang Dios kay Salomon, at nagsabi sa kaniya, Hingin mo kung ano ang ibibigay ko sa iyo. 8 At sinabi ni Salomon sa Dios, Ikaw ay nagpakita ng malaking kagandahang loob kay David na aking ama, at ginawa mo akong hari na kahalili niya. 9 Ngayon, Oh Panginoong Dios, itatag mo ang iyong pangako kay David na aking ama: sapagka't ginawa mo akong hari sa bayang gaya ng alabok ng lupa sa karamihan. 10 Bigyan mo ako ngayon ng karunungan at kaalaman, upang ako'y makapaglabas pumasok sa harap ng bayang ito: sapagka't sinong makahahatol dito sa iyong bayan na totoong malaki? 11 At sinabi ng Dios kay Salomon, Sapagka't ito ang sumaiyong puso, at hindi ka humingi ng kayamanan, pag-aari o karangalan o ng buhay man ng nangapopoot sa iyo, o humingi ka kaya ng mahabang buhay; kundi humingi ka ng karunungan at kaalaman sa ganang iyong sarili, upang iyong mahatulan ang aking bayan, na aking pinaggawan sa iyo na hari: 12 Karunungan at kaalaman ay nabigay sa iyo; at bibigyan kita ng kayamanan, at pag-aari, at karangalan na walang hari na una sa iyo na nagkaroon ng ganyan, o sinoman ay magkakaroon ng gayong pagkamatay mo. 13 Sa gayo'y dumating si Salomon mula sa mataas na dako na nasa Gabaon, mula sa harap ng tabernakulo ng kapisanan hanggang sa Jerusalem; at siya'y naghari sa Israel. 14 At si Salomon ay nagpisan ng mga karo at mga mangangabayo: at siya'y mayroong isang libo at apat na raang karo, at labing dalawang libong mangangabayo, na kaniyang inilagay sa bayan ng mga karo, at kasama ng hari sa Jerusalem. 15 At ginawa ng hari ang pilak at ginto na maging gaya ng mga bato sa Jerusalem, at ang mga sedro na maging gaya ng mga sikomoro na nangasa mababang lupa dahil sa kasaganaan. 16 At ang mga kabayo na tinatangkilik ni Salomon ay inilabas sa Egipto; ang mga mangangalakal ng hari ay nagsitanggap sa kanila ng mga kawan, na bawa't kawan ay sa halaga. 17 At kanilang iniaahon at inilalabas sa Egipto ang isang karo sa halagang anim na raang siklong pilak, at ang isang kabayo sa isang daan at limangpu: at gayon sa lahat na hari ng mga Hetheo, at sa mga hari sa Siria, kanilang mga inilalabas sa pamamagitan nila." (2 Cronica 1:1-17)

Ang karunungan ay isa sa mga bagay na kailangan natin sa ating buhay at sa ating paglilingkod at ministerio sa Diyos. Mula sa Banal na Kasulatan ng 2 Cronica maari nating matutunan ang maraming mahahalagang mga layunin ng karunungan sa ating buhay.

Kung ating pagdadaan ang talata, ating mapapansin na si Solomon ay gumawa ng ilang mga pagkilos na ipinapahiwatig na kanyang isinasagawa ang karunungan at kaunawaan sa kanyang buhay.

"1 At si Salomon na anak ni David ay tumibay sa kaniyang kaharian, at ang Panginoon niyang Dios ay sumakaniya, at pinadakila siyang mainam." (2 Cronica 1:1) Pinagtibay dito ni Solomon ang kanyang kaharian. Binigyan ng Diyos si Solomon ng malaking bagay, at nagawang makita ni Solomon ang mabuti at malaking mga bagay na ibinigay sa kanya ng Diyos at ginawa niya ang kanyang bahagi nang kanyang pinahalagahan kung anong kanyang tinanggap mula sa Diyos. Kinuha ni Solomon kung anong kanyang tinanggap mula sa Diyos at ipinatayo niya ang mga ito ng mabubuting bagay, na nagawang pagpalain siya ng Diyos para doon gaya ng mababasa natin dito, "at ang Panginoon niyang Dios ay sumakaniya, at pinadakila siyang mainam."

Nakikita mo ba ang mabubuting bagay na ibinigay sayo ng Diyos sa iyong buhay? Pinahalagahan mo ang mabubuting bagay na ibinigay ng Diyos sa iyong buhay? Ginamit mo ba ang mga bagay na ito na ibinigay sayo ng Diyos at sinimulang magtayo ng mabubuting bagay para sa Diyos sa iyong buhay mula sa iyong natanggap mula sa Kanya?

Kadalasan hindi natin nakikilala ang mabubuting bagay na ibinigay sa atin ng Diyos at hindi tayo nakatutok ng may positibo sa pagbabasa sa mga pangyayari sa paligid natin; kaya naman hindi natin natatanggap kung anong natanggap ni Haring Solomon doon na "ang Panginoon niyang Dios ay sumakaniya, at pinadakila siyang mainam."

Tingan natin ang ating buhay at isaalang alang natin ng taimtim ang lahat ng mabubuting bagay na ibinigay sa atin at isulat ang mga ito at itala ang mga ito upang tayo'y makapagpatuloy at palakasin ang ating mga sarili sa nararapat na paraan na ipinagkaloob sa atin ng Diyos na gawin at manaig sa Kanyang presensya, ang Kanyang suporta sa atin at ang Kanyang pagsangayon sa atin sa ating buhay.

Pakiusap huwag sabihin, na ikaw ay hindi kagaya ni Haring Solomon! Lahat tayo ay anak ng Hari ng mga hari at tayo'y maharlika ng saserdote ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu Cristo. Tinanggap na natin ang Kaharian ng Diyos na mas mayaman kaysa sa tinanggap ni Haring Solomon mula sa Diyos.

"2 At si Salomon ay nagsalita sa buong Israel, sa mga pinunong kawal ng lilibuhin at dadaanin, at sa mga hukom, at sa bawa't prinsipeng sa buong Israel, na mga pangulo ng mga sangbahayan ng mga magulang. 3 Sa gayo'y si Salomon, at ang buong kapisanan na kasama niya, ay naparoon sa mataas na dako na nasa Gabaon; sapagka't nandoon ang tabernakulo ng kapisanan ng Dios, na ginawa sa ilang ni Moises na lingkod ng Panginoon." (2 Cronica 1:2-3) Narito ating binasa na si Haring Solomon ay nagsalita sa lahat ng mga taga Israel at ating nakita na siya'y nagsalita sa kanila tungkol sa pagpunta sa Diyos at upang maghandog sa Kanya ng nararapat para sa Kanya. Kailangan

natin magkaroon ng parehong paguugali at kahiligan ni Haring Solomon, kailangan nating magpatuloy na turuan ang mga tao at tipunin sila at dalhin sila kasama natin sa Diyos at sa Kanyang simbahan, sa lugar na nais ng Diyos sa atin na tipunin at dalhin sa Kanya ang nararapat sa Kanya. Dinala ni Haring Solomon ang mga tao sa tabernakulo ng kapisanan, kung saan ay ang Simbahan ng Diyos ngayon. Sa parehong paraan, kailangang gawin nating ang ating bahagi upang ituwid ang mga tao patungo sa Diyos at patungo sa Kanyang bahay, ang Simbahan ng Diyos.

"4 Ngunit ang kaban ng Dios ay iniahon ni David mula sa Chiriath-jearim hanggang sa dakong pinaghandaan ni David: sapagka't kaniyang ipinatayo ng tolda sa Jerusalem. 5 Bukod dito'y ang dambanang tanso na ginawa ni Bezaleel na anak ni Uri, na anak ni Hur, ay nandoon sa harap ng tabernakulo ng Panginoon: at doo'y sumanguni si Salomon at ang buong kapisanan." (2 Cronica 1:4-5) Dito makikita natin na mayroong dalawang mga lugar na nauukol sa Diyos. Ang una ay sa Gibeon kung saan ang tabernakulo ng Diyos ay naroroon, at ang pangalawang lugar ay nasa Jerusalem kung saan ang kaban ng Diyos, ang kaban ng tipan sa tolda na ipinatayo ni David sa Jerusalem. Paano ito nangyari, lalo na alam natin na ang Kaban ng Diyos ay nasa tolda ng kapulungan at kapwa sila ay kailangang nasa parehong lugar? Mga taon bago iyon, noong panahon ng Eli ang pari, nang ang kasalanan ay naroon at siya ay walang ingat na tapusin iyon, ipinahintulot ng Panginoon na matalo ang mga Israelita sa pakikibaka sa mga Filisteo, sa gayon ang mga Israelita ay dinala ang kaban ng Diyos ng walang tolda ng kapulungan sa larangan ng pakikibaka iniisip na sa ganoon ang Panginoon ay makikipaglaban sa kanila. Subalit dahil ang kasalanan ay naroroon para rin, ipinahintulot ng Panginoon sa kanila na matalo sa labanan at ipinahintulot niya na ang Kanyang kaban ay mabihag ng mga Filisteo, upang disiplinahin ng higit ang Kanyang bayan na namumuhay sa kasalanan.

Sa huli ibinalik ng Panginoon ang Kaban ng Tipan ngunit hindi sa tolda ng kapulungan sa Shilo kundi sa Chiriath-jearim at sa huli dinala ito ni David sa Jerusalem. Ang tolda ng kapulungan kung saan ang tabernakulo ng kapisanan ay naiwan sa Shilo, na sa huli ay dinala sa Gibeon. Kaya't dito makikita natin ay mayroong paghahati at ang kalagayan ay nakakalito, ngunit iyon ay hindi nakahadlang kay Solomon at sa mga taong kasama niya na gawin ang kanilang bahagi patungo sa Diyos.

Kahit sa ngayon, maaaring magkaroon ng maraming abala at pagkakabaha-bahagi at mga hinaing sa nakaraan at pagkakabaha- bahagi sa lupa, ngunit tinatawag pa rin tayo ng Diyos na may pananagutan upang gawin ang ating bahagi patungo sa Kanya. Isasauli ng Diyos ang mga bagay at makakamit ang mga bagay sa Kanyang tamang panahon, ngunit tayo'y may pananagutan na gawin ang ating bahagi at huwag pag-isipan ang mga bagay na lampas sa ating nasasakupan.

"6 At si Salomon ay sumampa roon sa dambanang tanso sa harap ng Panginoon, na nasa tabernakulo ng kapisanan, at naghandog ng isang libong handog na susunugin doon." (2 Cronica 1:6) Ginawa ni Solomon ang kanyang bahagi at naunang sumampa sa tansong altar na nasa tabernakulo ng kapisanan at naghandog sa Diyos. Ang tansong altar ay kagaya ng altar na si Bezael na anak ni Uri, ng anak ni Hur, na ginawa sa panahon ni Moises.

Handog na susunugin, ginawa nila ito sa pagkatay sa mga hayop, kagaya ng tupa o ng mga baka, hinayaan nilang ang dugo ay umagos, pagkatapos kanilang kukunin ang buong hayop at susunugin ito sa altar ng Diyos. Kanilang ihahandog sa Diyos, sa parehong paraan nais ng Diyos sa atin na ihandog ang buong mga bahagi ng ating katawan sa Kanya ng walang anumang pasubali. Inihandog ni Solomon ang 1000 na handog na susunugin para sa Diyos. Ang malaking halaga at sukat ng handog, samakatuwid, sa parehong paraan nais ng Diyos sa atin na gawin ang katulad, upang ialay ang lahat ng ating makakaya sa Kanya at para sa Kanya lamang.

"7 Nang gabing yaon ay napakita ang Dios kay Salomon, at nagsabi sa kaniya, Hingin mo kung ano ang ibibigay ko sa iyo." (2 Cronica 1:7) Pagkatapos na ihandog ni Solomon ang 1000 sinunog na handog, ang Panginoon ay nagpakita sa kanya sa isang panaginip sa gabi at tinanong siya, upang hilingin kung anong nais niya sa Diyos. Pagmasdan dito na ang Diyos ay nagpakita kay Solomon hindi bago ang paghahandog, kundi pagkatapos ng paghahandog sa Diyos at tinanong upang humiling sa Diyos anuman ng kanyang naisin. Maraming mga tao hindi nila maunawaan ang kapangyarihan ng pagbibigay sa Diyos. Kapag ating ginawa ang ganoong paguugali at maghandog sa Diyos sa isang mapagbigay na paraan gaya ng ginawa ni Solomon, ating matatagap ang pabor ng Diyos, ang Kanyang pagsang-ayon at ang Kanyang mapagbigay na pagbibigay at kasiyahan sa ating mga kagustuhan at sa ating mga hinahangad.

Kaya ngayon, pakinggan ang mensahe, baguhin ang iyong paguugali patungo sa Diyos at ang iyong kaunawaan tungkol sa pagbibigay, ang Panginoon ay higit na pagpapalain ka, kapag handa mong parangalan Siya at magbigay ng kusang loob sa Kanya. Hindi mo malalampasan ang Diyos sa pagbibigay. Matatagap mo pa ang higit mula sa Kanya, higit pa sa ibinigay mo sa Kanya.

"8 At sinabi ni Salomon sa Dios, Ikaw ay nagpakita ng malaking kagandahang loob kay David na aking ama, at ginawa mo akong hari na kahalili niya." (2 Cronica 1:8) Pagmasdan dito, ang mapagpasalamat na saloobin ni Haring Solomon patungo sa Diyos. Sininulan niyang sagutin ang katanungan ng Diyos nang hindi sa paghingi sa Kanya nang kanyang ninanais kundi sa paggunita ng habag ng Diyos nang may pasasalamat at mapagpasalamat na saloobin sa lahat ng kaawaan na ginawa ng Panginoon kay David na kanyang ama, at paano siya iniluklok ng Diyos, bilang hari sa halip ng kanyang ama, si Haring David. Tayo ay mangagpasalamat at magalak sa Diyos para sa lahat ng kaawaan na ibinigay Niya sa ating mga ama at sa kanyang pinalawig na awa patungo sa atin bilang kanilang mga anak.

Maraming panahon ating nakakalimutan ang awa ng Diyos at ang Kanyang ibinigay sa ating mga ama, at kung paano at ano ang ibinigay Niya sa kanila, ay ipinasa satin bilang mana.

Tinanggap natin mula sa ating mga magulang ang maraming mga materyal na mga bagay, at hindi dapat tayong mabigo upang kilalanin na ang lahat ng mabubuting bagay ng lupa, kabuhayan, kasaganaan, ginto, mamahalin at mahahalagang bagay, kasanayan, hanapbuhay,

impormasyon at mga pamamaraan na nanggaling sa Diyos at hindi dapat tayong mabigo na magpasalamat sa Kanya para sa lahat ng iyon at kung paano Niya ipinasa sa kanila sa huli sa atin.

"9 Ngayon, Oh Panginoong Dios, itatag mo ang iyong pangako kay David na aking ama: sapagka't ginawa mo akong hari sa bayang gaya ng alabok ng lupa sa karamihan." (2 Cronica 1:9) Narito si Solomon ay hiniling sa Diyos na pagtibayin at hayaang magkatotoo ang makaDiyos na pagnanais ng kanyang ama na si David sa kanyang buhay, upang maging hari sa Israel at yaon ay gagawin niya ang kanyang bahagi ng maayos patungo sa mga tao ng Diyos. Sa gayon hiningi ni Solomon sa Diyos ang sumusunod.

"10 Bigyan mo ako ngayon ng karunungan at kaalaman, upang ako'y makapaglabas pumasok sa harap ng bayang ito: sapagka't sinong makahahatol dito sa iyong bayan na totoong malaki?" (2 Cronica 1:10) Dapat nating makilala ang makaDiyos na pagnanais ng ating mga magulang sa ating buhay, at dapat nating hingin sa Diyos na tuparin ito sa ating buhay na Kanyang plano ididikta sa ating buhay. Hiningi ni Solomon sa Diyos na bigyan Siya ng karunungan at kaalaman na bigyang daan siya upang gawing mabuti bilang hukom sa lahat ng bayan ng Diyos. Nalaman ni Solomon ang kanyang kailangan; hindi sa kawalan ng salapi, kayamanan, karangalan, mahabang buhay, o kawalan ng mga kaaway ngunit ang kanyang kailangan ay karunungan, at kaalaman upang pamahalaan ng mahusay at maayos kung anong ipinagkatiwala ng Diyos sa kanya.

Ipinagkatiwala ng Diyos sa atin ang maraming mga bagay at tayo'y walang kakulangan sa anumang lugar gaya ng kakulangan natin sa karunungan. Bawat isa sa atin ay hindi baba kaysa kay Haring Solomon sa kanyang tinanggap mula sa Diyos. Ang Panginoon ay binigyan tayo ng maraming mga bagay, higit pa na mayroon kay Haring Solomon, ngunit kulang tayo sa karunungan at kaalaman kung paano natin panghahawakan sila at pamamahalaan sila at pamahalaan ang ating relasyon sa mga tao.

"11 At sinabi ng Dios kay Salomon, Sapagka't ito ang sumaiyong puso, at hindi ka humingi ng kayamanan, pag-aari o karangalan o ng buhay man ng nangapopoot sa iyo, o humingi ka kaya ng mahabang buhay; kundi humingi ka ng karunungan at kaalaman sa ganang iyong sarili, upang iyong mahatulan ang aking bayan, na aking pinaggawan sa iyo na hari." (2 Cronica 1:11) Pinapurihan ng Diyos si Solomon sa kanyang hiningi sa Kanya. Tinanong ng Diyos si Solomon kung anong kanyang kailangan, upang makita kung ano talaga ang kanyang pangangailangan. Sapagka't kahit na ibigay ng Diyos sa kanya ang kanyang kailangan ngunit kung wala siyang kamalayan doon, hindi niya makikilala, mauunawaan, matanggap ang ibibigay sa kanya ng Diyos. Sa parehong paraan para sayo, hindi mo makikilala ang iyong kailangan, kung hindi mo mauunawaan at matatanggap ito kapag ibinigay ito sayo ng Diyos.

Kung wala kang karunungan upang pamahalaan ang materyal na maga bagay sa gayon ano ang halaga para tanggapin ang higit na kayamanan at pag-aari? Kung hinanap mo pa rin ang pagkakaroon ng karangalan sa gayon hindi mo alam na ikaw ay anak ng Hari ng mga hari at ang iyong pangalan ay hindi nakasulat sa langit. Kung hinahanap mo pa rin ang mahabang buhay, sa gayon nakalimutan mo na mayroon kang walang hanggang buhay at mabubuhay ka kasama ng Diyos magpakailanman. Kung hinihingi mo pa rin sa Diyos na alisin ang ilang mga tao na isinasaalang alang sila na iyong mga kaaway, sa gayon hindi mo alam, ang mga tao na hinihiling mong alisin, maari silang palitan ng mga taong mas masahol pa kaysa sa kanila.

Kung hindi mo alam paano pamahalaan ang mga tao at pinagkukunan, sa gayon ang mga suliranin na namamalagi sa atin at hindi sa anong mayroon sa atin, at sa dahilang ito kailangan talaga nating hingin sa Diyos ang karunungan at kaalaman para pangasiwaan ang ibinigay sa atin ng Diyos.

"12 Karunungan at kaalaman ay nabigay sa iyo; at bibigyan kita ng kayamanan, at pag-aari, at karangalan na walang hari na una sa iyo na nagkaroon ng ganyan, o sinoman ay magkakaroon ng gayong pagkamatay mo." (2 Cronica 1:12) Nang nakita ng Diyos na alam ni Solomon ang kanyang kawalan, binigyan niya siya ng karunungan at kaalaman at higit binigyan niya siya ng higit na kayamanan, pag-aari at karangalan sapagka't ang karunungan ng Diyos ay malalaman niya kung paano pangasiwaan ang mga pagkukunan at kaugnayan.

Ating tinanggap ang karunungan ng Diyos kapag tayo'y nagsimulang matakot sa Kanya at kapag sinimulan nating ipakumbaba ang ating sarili sa harapan Niya at handang lumakad sa Kanyang mga paraan. Kung hindi tayo takot sa Diyos at kung tayo'y walang kababaang loob sa gayon hindi nating matatangap ang karunungan ng Diyos

"13 Sa gayo'y dumating si Salomon mula sa mataas na dako na nasa Gabaon, mula sa harap ng tabernakulo ng kapisanan hanggang sa Jerusalem; at siya'y naghari sa Israel." (2 Cronica 1:13) Pagkatapos tinanggap ni Solomon ang karunungan mula sa Diyos siya'y bumalik sa paghahari sa Israel nang may karunungan na ibinigay ng Diyos sa Kanya. Ang masasabi natin dito ay hindi natin kailangan tanggapin ang higit na mga materyal na bagay mula sa Diyos dahil sapat na ang mayroon tayo, ngunit kailangan pa rin natin ng karunungan upang pamahalaan ng mas maayos at tiyak ang ibinigay sa atin ng Diyos.

"14 At si Salomon ay nagpisan ng mga karo at mga mangangabayo: at siya'y mayroong isang libo at apat na raang karo, at labing dalawang libong mangangabayo, na kaniyang inilagay sa bayan ng mga karo, at kasama ng hari sa Jerusalem." (2 Cronica 1:14) Si Solomon sa karunungan na kanyang tinanggap sa Diyos ay nagawang magkaroon ng malaking bilang ng mga karo at mangangabayo na inilagay niya sa bayan ng karo at sa Jerusalem. Maari natin gawin ang katulad sa pagsulong kapag tayo'y tumutok sa pagtanggap ng karunungan ng Diyos na nagbibigay daan sa atin upang gumawa ng mas mabuti at makamit ang malalaking bagay.

"15 At ginawa ng hari ang pilak at ginto na maging gaya ng mga bato sa Jerusalem, at ang mga sedro na maging gaya ng mga sikomoro na nangasa mababang lupa dahil sa kasaganaan." (2 Cronica 1:15) Sa karunungan na ibinigay ng Diyos sa kanya, pinarami ni Solomon ang mahahalagang bagay gaya ng pilak at ginto at sedrong puno at ginawa ang mga ito sa bilang gaya ng mga bato at gaya ng karaniwang

puno. Makakamit natin ang katulad kapag tayo'y tumutok sa pagtanggap sa karunungan ng Diyos at sa gawain at pamahalaan ang ating pinagkukunan, mga usapin at kaugnayan sa paggamit ng karunungan ng Diyos.

"16 At ang mga kabayo na tinatangkilik ni Salomon ay inilabas sa Egipto; ang mga mangangalakal ng hari ay nagsitanggap sa kanila ng mga kawan, na bawa't kawan ay sa halaga. 17 At kanilang iniaahon at inilalabas sa Egipto ang isang karo sa halagang anim na raang siklong pilak, at ang isang kabayo sa isang daan at limangpu: at gayon sa lahat na hari ng mga Hetheo, at sa mga hari sa Siria, kanilang mga inilalabas sa pamamagitan nila." (2 Cronica 1:16-17) Narito si Solomon at kanyang mangangalakal ay nagsimulang magdala ng kawan, karo at mangangabayo na nasa tiyak na halaga mula sa Egipto at kanilang ipinagbili ito sa mga hari ng mga Hitano at sa mga hari ng Siria sa isang malaking halaga. kaya't sila ay yumaman sa pamamagitan ng karunungan na ibinigay sa kanila ng Diyos.

Sa aking Mahal at Minamahal:

- Magpakumbaba tayo sa harapan ng Diyos
- Simulan nating matakot sa Kanya at lumakad sa Kanyang mga daan.
- Tingnan natin ang lahat ng mabubuting bagay na ibinigay Niya sa atin.
- Gawin natin ang ating bahagi at pahalagahan ang lahat ng mga bagay na ating tinanggap mula sa kanya maliit man o malaki.
- Hikayatin natin ang mga tao, at ituwid sila patungo sa Kanya at sa Kanyang simbahan.
- Kilalanin natin kung ano talaga ang wala sa atin at tigilang magreklamo sa Diyos at sa iba.
- Pahalagahan natin ang lahat ng ating tinanggap mula sa Diyos sa pamamagitan ng buhay ng ating mga magulang at mga ninuno.
- Hinggin natin sa Diyos ang karunungan at tayo'y maniwala na makakaya nating gawin ang mas mahusay nang may karunungan ng Diyos sa ating tinanggap mula sa Kanya mula sa kayamanan, pag-aari, karangalan, sa mga tao at kaugnayan

Ang aking Panalangin: Amang Diyos, ako'y lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Panginoon salamat sa katuruan na aking tinanggap mula sa iyong Salita. Panginoon salamat para sa kaunawaan na aking tinanggap mula sa iyong Salita.

Panginoon ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan.

Panginoon aking tinatalikdan ang pagmamataas, pagmamaktol, kawalan ng kababaang loob, at kawalan ng takot sayo at sayong karunungan.

Panginoon salamat para sa lahat ng aking tinanggap mula sayo mula sa pag-aari, kayamanan, karangalan at mula sa mga taong nakapaligid sa akin at sa ilalim ng aking pangangalaga. Panginoon ako'y nagpapasalamat sayo para sa lahat ng aking tinanggap mula sayo sa pamamagitan ng aking mga magulang at ninuno.

Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili sa mga layunin na aking tinanggap mula sa iyong mensahe at isagawa ito sa aking buhay. Panginoon akoy nagpapakumbaba sa iyong kamay at hinihingi ko sayong bigyan ako ng karunungan at kaalaman para pamahalaan ang lahat ng mabuti at ng mahahalagang bagay na aking tinanggap mula sayo.

Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili upang parangalan ka sa aking pagbibigay at gawin ang mga bagay na makapagpalugod sayo. Panginoon protektahan ako upang ako'y makapagpatuloy na maglingkod sayo. Panginoon bigyan mo ako ng karunungan kung paano pangasiwaan ang aking mga kaaway at sa mga humahadlang sa akin. Panginoon bigyan mo ako ng karunungan upang gamitin ang lahat ng ibinigay mo para sa akin. Panginoon bigyan mo ako ng higit ng bunga ng Banal na Espiritu upang magkaroon ng katangian at paguugali ni Jesus sa aking buhay. Panginoon gamitin ang aking buhay upang maging mabuting halimbawa sa iba upang makilala ka at sumunod sayo sa pamamagitan ng aking buhay. Panginoon puspusin mo ako ng Banal na Espiritu na pumunta at ipahayag ang iyong salita at magebanghelyo at abutin ang bagong mga tao at idisipolo sila.

Panginoon aking idinadalangin ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang mga sarili sa layunin ng iyong mensaheng ito at ipinakumbaba ang kanilang mga sarili na sumunod at isagawa ang iyong Salita sa kanilang buhay at hinggin ang karunungan upang pamahalaan ang kanilang buhay ng iyong karunungan, Panginoon pagpalain sila, at suportahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan upang sila'y patuloy na sumunod sa iyo. Panginoon sa lahat ng ito ibigay sa kanila ang karunungan at kaalaman upang pamahalaan ang mga usapin sa kanilang buhay ayon sa iyong kalooban. Panginoon pataasin ang kanilang pananampalataya at ang kanilang pagtitiwala sayo at tulungan sila na magpatuloy at magtagumpay sa mga balakid na nauna sa kanila. Panginoon ipaglaban mo sila at huwag hayaan ang kaaway na humadlang sa kanila sa pagsulong.

Panginoon ako dumadalangin na mauna ka sa amin bilang isang simbahan at pangunahan kami sa mga lansangan, gusali, bayan, nayon para abutin ang mga tao at dalhin si Jesus sa kanilang buhay. Panginoon bigyan kami ng karunungan upang pamahalaan ang aming buhay sa mas mahusay na paraan sa iyong karunungan. Panginoon tulungan kami na aming buhay halimbawa ay makaakit sa iba upang makilala ka at sumunod sayo. Panginoon pusposin kaming muli ng iyong Banal na Espiritu upang kami'y makapunta at magebanghelyo at guma wa ng bagong mga alagad at ganapin ang gawain na iyong itinalaga para sa amin upang gawin. Panginoon tulungan kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel. #: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapi n at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasampung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerong: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com